

La Mujer Filipina
MAG-INANG BAYANI
AGINA A MANNURAT
Read Balaglas



Si **Leona Florentino** ay isang makatang bayani mula sa Vigan, Ilocos Sur. Isa siya sa mga pinakamahalagang tagapagbunsod ng **Peminismong Pilipino** at **literaturang lesbiana** noong ika 19-dantaon. Itinuring siyang radikal noong panahon niya dahil sa kaniyang progresibong ideyolohiya ay pamumuhay.

Noong 1870, sapilitang **inilayo** ng asawa ni Leona na si **Elias De Los Reyes** ang panganay niyang anak na si **Isabelo** mula sa kaniya upang protektahan ang bata mula sa mga subersibong paniniwala ni Leona.

Samantala, si Leona ay pinapili ng kaniyang pamilya: mamuhay nang respetado at masagana bilang isang ina, o magpatuloy sa pagsusulat ng kaniyang mga tula. **Pinili ni Leona ang tumula.** Itinakwil si Leona ng kaniyang pamilya, at ipinatapon sa An-Annam, Bantay. Doon, ginamit niya muli ang kaniyang apelyidong "Florentino" at ipinagpatuloy ang pagsusulat ng mga tula, dula, at sanaysay na nagsusulong ng nasyonalismo at ng karapatan at kalayaan ng kababaihan. Doon, ipinagpatuloy rin niya ang pagibig at pakikipag-relasyon sa mga kababaihan ng Ilocos, na naging paksa ng marami niyang tula.


Isa sa mga sanaysay na naisulat ni **Leona** ay ang "**La Mujer Filipina**" na bagamat maikli at payak ay sumasaklaw sa maraming isyu tungkol sa kababaihan kagaya ng **kultural na imperyalismo, kawalan ng trabaho, at edukasyon.**


VIGAN, 1877




ISABELO
DE LOS
REYES
13 Taong
gulang









Mayo 15, 1877
Sa Abnam, Bantay

Isabelo,
Aking Isabelo
Anong taas nang nilundag ng puso
ng iyong ina nang matanggap niya ang
iyong sulat. Nakikita kong nalalantay
ang dugong makata,


Ipagpatawad mo kung maliit na halaga lang ang naipadala ko sa iyo.






Kakaunti ang nagkokomisyon sa akin noong nakaraang buwan


Marahil ay hindi panahon ng pag-ibig
AGYAMAN-AK UNAY, SENORITA FLORENTINO


TUNAY NGANG MAHUSAY TUMULA ANG SENORITA
SI! PARANG 'DI BABAE, NO?

Bebuce, tinanong mo ako sa iyong sulat kung bakit kita iniwan.

Kung bakit pinili ko magsulat sa halip na makasama ka.



Ang totoo, anak,



ay hindi kita iniwan.

hindi ko piniling tayo'y magkahiwalay

Hindi kita ipinagpalit para sa mga tuba



Sapagkat bakit ko kailangan ihiwalay ang aking pagkababae sa aking pagiging makata?



Bakit ako magpapatali sa pagiging ina lamang?


Bebo, ang pagpili sa tuba ay pagpili sa iyo.



Ang naghiwalay sa atin, Beluce, ay ang lipunang ito na mapagtakwil sa mga babaeng makata.

Ang lipuang ito ang nagkait sa iyo ng igong ina.

At sa akin, ng aking mga anak.



Itinapon ako... pabayo para magsulat.


at nagsusulat ako dahil kailangan.




Kailangan magsulat dahil hindi ko kayang tiisin ang kawalan ng katarungan sa mundong ito.


NAG-ALSA ANG MGA CIGARRERA SA MAYNILA! AT... ANO ITO?...
ALBOROTO DE LAS CIGARRERAS
EL COMEI


At napakaraming inhustisya, mahal ko. Iba-iba lang ng mukha.
EL COMERCIO


A PESAR DEL DECRETO DE 1863, LAS MUJERES NO EDUCACION!
BATAS UKOL SA REPORMA SA EDUKASYON,
1863 PA NAIPASA, GAYUNPAMAN--


..."PATULOY PA RING NAPAPAG-KAITAN KAMING MGA BABAE NG EDUKASYON", AYON KAY SENYORA TIONGSON
EL COMERCIO


GALING PANG MAYNILA ITO, HIJO, KAYA 'DI KO ITO MAIBIBIGAY SA IYO.
PARANG NAKIKIBASA LANG E.
EL COMERCIO


Ang kakayahang pang-isip ng taong kayumanggi at ng Europeano ay iisa at magkapantay.
Ang kawalan lamang ng edukasyong pormal ang kanilang pinagkaiba.
Ganito rin ang masasabi natin tungkol sa mga kababaihan ng bansang ito;
Ang mga Pilipina
Ang Pilipina'y matalino;
Siya'y may angking husay sa larangan ng medisina.
Minana niya ito sa kaniyang mga ninuno.

Siya'y masipag.




Madalas higit ang kaniyang gawain at trabaho kaysa mga lalake. Sa labas ng bahay, siya'y nagbabanat ng buto. Sa loob ng bahay, siya ang sa kaniyang pamilya'y nag-aaruga. Ngunit ni isang kusing ay hindi man lamang dumadaplis sa mga kinakalyong palad ng matiising mutya.








Bakit hindi hayaang magkaroon ng pagmamay-ari at negosyo ang mga Pilipina? Mahuhusay sila sa aritmetiko at sa pagpapalago ng salapi. Sa katunayan, kay rami nang negosyo ang pinapatakbo ng mga babae. Sila'y hindi mahihina. Sila'y mararangal at dapat igalang. Masasabi rin ito tungkol sa mga Negrito na tinawag na 'primitivo' ng mga pulpol na kagaya ni G. Sinibaldo de Mas.




Ang mga Pilipina ý morena. Marami sa kanila ang ubod nang ganda sa puntong sabat ang anumang wika para siba ay maisalarawan



ARAW-GABI NAGSUSULAT ANG KUTING!
CASTORA!


BAGONG KOMISYON BA 'YAN?
HINDI, SANAYSAY LANG.
BAKA NAMAN NANGANGALAY NA ANG KUTING KO.
HINDI. MAG-ALMUSAL KA NA MAY CALABAO DE LECHE TAYO.


SIYA, MAKA-PAGTINDA NA NG BASI. IKAW NAMAN ONANG MAGHINAY-HINAY KA RIYAN AT BAKA MA-PASMA KA!


Nagsusulat ako, anak para sa isang kinabukasang malaya tayo mabuhay at magmahal







*Anak,*

*nagsusulat ako*

*para sa iyo.*

**Leona Florentino**

*1849 - 1884*



## Ilang Paglilinaw

Ang pagkilos ng Kababaihan ng Malolos ay bahagi ng malawakang **Kilusang Reporma** na sumiklab noon pang maagang bahagi ng 1880s sa Malolos, dala na rin ng pag-unlad ng komersyo at kalakalan doon.

Hindi one-time, big-time na nagpetisyon ang ating Fabulous 20 para sa karapatan nila sa edukasyon. Magmula pa noong 1870s, bitbit ang mga prinsipyo ng liberalismo, isinulong ng Kilusang Reporma na magkaroon ng kalidad na edukasyon para sa mga Filipino,

Nagsimulang limitado ang movement na ito sa edukasyon para sa mga anak na **lalake** ng mga mestizong pamilya. Pinalawak at pinalusog ito ng mga **Kababaihang Repormista** nang isulong nila ang kalayaan at karapatan din ng mga **Filipina na mag-aral**. Pinamunuan ito ng mga kababaihang elite mula sa mga angkang Tantonco, Reyes, Bautista, at Tiongson.

Ang tinampok na pangyayari kasama ang Kababaihan ng Malolos sa komiks na ito ay isa sa nga **nauna** nilang **effort** para magpatayo ng paaralan para sa kanila. Hindi ito natuloy-tuloy dahil sa panghihimasok at pagtutol ng mga prayle.

**Hindi nagpatalo ang Kababaihan** at patuloy sila sa pagsulong at pagpetisyon para sa karapatan nilang mag-aral. Hanggang sa dumating ang tanyag na event noong **Disyembre 1888** kung saan napagod na ang ating mga bayani sa mga karaniwang paraan ng pakikibaka, at nagpasya na sugurin at kornerin ang bagong dating na Gobernor-Heneral Valeriano Weyler at sapilitang papirmahin ng kanilang petisyon.

# EDUKASYON NG KABABAIHAN: ANG MATAGAL NA PASANIN NG MGA BABAENG REPORMISTA



# ANG PAKIKIBAKA NG MGA CIGARRERA



Malaki ang kontribusyon ng Tobacco Monopoly sa industriyalisasyon at pag-unlad ng kalakalan sa Pilipinas noong 18-19 dantaon. Ang pangunahing puwersa na nagpalago rito - at effectively ay masasabi natin na nagtulak sa industriyalisasyon at pag-unlad ng komersiyo sa Pilipinas - ay ang Manggagawang Kababaihan.

Ang Kababaihan din ang una at pangunahing biktima ng tobacco monopoly na Pinairal sa Pilipinas noong 1782. Dahil sa kawalan ng ibang career opportunity at sa "angking pagkamatiisin at naturalesang husay ng mga Pilipina sa mga gawaing pangkamay", libu-libong kababaihang manggagawa ang nagtrabaho sa mga tobacco factory sa Arroceros, Malabon, Binondo, at Cavite.

12 - 20+ years old ang karaniwang edad ng mga cigarrera, at sila'y overworked at underpaid. Ang trabaho nila ay mula Lunes hanggang Sabado, nagsisimula nang alas-sais ng umaga at nagtatapos sa pagitan ng 10 - 11 ng gabi. Madalas nagiging biktima ang mga cigarrera ng pang-aabuso at paglalapastangan ng mga lalake; lalo ng mga cuadrillero at ng mga sundalong Kastila. Isang petisyon para itigil ang pangaabuso sa mga cigarrera na ipinadala ng Fabrica de Princesa sa Gobernador-Heneral noong 1876 ay naritong nakasipi (pansinin na ang ang concern *ng administrator* ng factory ay ang epekto ng mga abuso sa KALAKALAN - hindi ang epekto sa mga kababaihang mismo*):*

« The so many abuses committed by the soldiers against the female workers of the factory (if the abuses can not be stopped) might cause the closing down of the factory as a result of manpower shortage. These workers are mostly the poor and needy people of the towns of Obando, Polo and Meycauayan and the remote towns of Bulacan who seek employment in the establishment starting either as *bastagueras* or sorters of tobacco until they learn how to make cigars. They live miserably in the nearby *poblaciones* and go to their homes only during *fiestas* or after having paid their wages. However a group of soldiers would get together at night and search their homes under the pretext of looking for *tulisanes* and then would mercilessly maltreat them.

On the night of March 20 of the year [1856] at 12 midnight, a *maestra* by the name of Maria Tac came to me weeping to denounce the abuses of these soldiers. While she and her son, plus two other companions were sleeping, the door was forced open and four or five armed men broke into it and searched the house and their belongings for smuggled items. Not having found more than *a peso* and some *cuartos* which they took, they left uttering profanities showing no respect for the *maestra*. Leading the group was a soldier named Francisco Valenciano. The following day, I went to see the *gobernadorcillo* of the mestizos to present the attached report. Without knowing what decision was taken in this regard, all I can assure you is that the money taken was not returned and the abuses are continuously being committed.

On the night of the 14th of this month [May] between 9 and 10 in the evening, some soldiers led by their lieutenant, while on patrol in *barrio* Dampalit met female cigarette workers residing in other towns and forced the workers to follow them in fields and forest. They (the cigarette workers) were only allowed to go after so much begging on their part and after bribing the soldiers.

With this kind of behavior it is certain that very soon the shops of this factory shall run out of employees.

This is why I bring all these to your knowledge so that the central government can adopt measures to curb such abuses which may be injurious to the factory established in that area....»

Marami sa mga cigarrera ay natutulak sa prostitusyon dahil sa liit ng kinikita sa factory. Nagdulot din ang factory system ng malawakang mig-rasyon ng mga kababaihan mula sa mga probinsiya na nagnais magtrabaho bilang cigarrera sa Maynila para suportahan ang mga pamilya nila at makatakas sa pagiging magsasaka.

Ngunit malayo sa pantasya ng mga ilustrado sa mahinhin at walang-laban na babae, noong 1816 nag-strike ang mga Cigarrera sa isang factory sa Binondo. Ito ang pinakaunang organisadong STRIKE ng mga manggagawa. Ang strike na iyon ang simula ng malawak na pagkilos ng mga manggagawa noong ika-18-19 Dantaon para sa mga karapatan na hanggang ngayon ay pinapakinabangan nating lahat.

## -VERSUS- LEONA FLORENTINO SINIBALDO DE MAS

Sa "La Mujer Filipina", nilait ni Leona Florentino ang mga akda at pananaw ni Sinibaldo de Mas.



Si Sinibaldo de Mas ay isang Spanish Diplomat at espiya para sa Hari ng Espanya. Nadestino siya sa Pilipinas noong 1842, at sinulat niya ang Informe sobre el estado de las Filipinas en 1842 (A Report on the Status of the Philippines in 1842), kung saan nirekomenda niya na panatilihin ang kolonyal na estado ng Pilipinas, at panatilihing hawak ng mga Prayle ang edukasyon, na ipasara ang mga kolehiyo sa Maynila sapagkat inferior naman ang utak ng mga Indio sa mga Kastila at di karapat-dapat sa collegiate na education.



Mga kuha ni A.B. Meyer sa mga Indigenous Women. The family that hunts together, stays together. Pansinin ang ginagampanang role ng babae sa mga litratong ito.



Rekomendasyon pa ni De Mas na dapat paigtingin pa lalo ang mababang estado ng Indio sa pananamit at ultimo sa pagupo. (Halimbawa: kailangan ibigay lagi ng Pilipino ang upuan niya sa isang Kastila sa tranvia, sa simbahan, sa parke, atbp.).

Pinaratangan din ni De Mas ang mga Negrito at Igorot, na bagamat "may karangalan" raw (qinoute siya ni Leona dito) ay mga mangmang pa rin.

Ang pagtugon ni Leona kay de Mas ay pagpapakita ng kamulatan niya sa pulitikal na kalagayan at sa gender politics ng Pilipinas. Malinaw din dito ang engangement ni Leona at ng mga Pilipina sa colonial politics, at ang malaking kontribusyon ng kababaihan sa pagbuo ng Nasyonalistang Kamalayan noong ika- 19 dantaon.

BIBLIOGRAPIYA:


Isabelo de los Reyes y Florentino. El Folk-Lore Filipino. University of the Philippines Press, 2010. (Dito naka-publish ang La Mujer Filipina ni Leona Florentino).

Nicanor G.Tiongson. The Women of Malolos. Ateneo de Manila University Press, 2004

Maria Luisa Camagay. Working Women of Manila in the 19th Century. University of the Philippine Press and the University Center for Women Studies, 1995

The Tobacco Monopoly in the Philippines: Bureaucratic Enterprise and Social Changes, 1766-1880. Manila: Ateneo de Manila University. Press, 1980


Благодаря
за радването!
Love, L at L




DEAD
BALAGTAS
Tomo I.
MGA SAYAW NG DAGAT AT LUPA
FOR PHP 550.00 MABIBILINA SA FULLYBOOKED, ADARNA STORES
O VISIT: HTTP://ADARNA.COM.PH/
HANAPIN SA LISTA NG PROCUTS ANG DEADBALAGTAS TOMO 1
PAGES OUT FACEBOOK.COM/ DEADBALAGTAS
mmMEDYO MAIKSI ITO. PERO
GUSTO KO BAGSAK NITO SA BALIKAT.
mHM!
PHILIPPINE